


TUBERCULOSIS

*Epidemyang Matagal Na Subalit
Nagpapatuloy Pa Rin*



Ano ang tuberculosis?

Ang TB ay isang nakakahawang sakit na galing sa isang *bacteria*. Libu-libong taon na itong nararanasan ng marami. Ang pangunahing naapektuhan nito ay ang baga. Ang *pulmonary tuberculosis* at ang *pneumonia* o pulmonya ay dalawang magkaibang uri ng impeksiyon ng baga, at may ilan silang magkakaparehong senyales at sintomas. Mabagal ang pagpapagaling sa TB, at ang paggamot ay hindi bababa sa anim na buwan.

Paano nakahahawa ang tuberculosis?

Ang TB *bacteria* ay dumadaan sa hangin. May mga taong mas malapit sa panganib, tulad ng mga taong namamalagi sa siksikang tirahan, ang mga may mahinang *immune system*, mahinang kalusugan, o ang kawalan ng nutrisyon dahil sa pamamaraan ng pamumuhay. Ang pagkakaroon ng TB ay maaaring maulit.



Nakamamatay ba ang tuberculosis?

Maaaring ikamatay ang TB kung hindi ito mabigyan ng tamang lunas. Kung hindi matapos ng pasyenteng may TB ang inirerekomendang kurso ng paggamot, maaaring magkaroon ng *drug-resistant strain* ng TB (DR-TB). Ibig sabihin, magiging mas mahirap itong puksain kaysa sa mga kayang talunin ng gamot. Mas mahirap din gamutin ang pasyente na *immunocompromised*, o mahina ang resistensya laban sa sakit, or kaya pasyenteng may HIV.

Paano iiwasan at gagamutin ang tuberculosis?

Kung meron kang *latent TB infection*, kailangan mo ng gamot para bumaba ang posibilidad na ito'y maging TB *disease*.

Kung meron ka nang TB *disease*, kailangan ng hindi bababa sa anim na buwan hanggang sa isang taon ang gamutan upang mapatay ang lahat ng *bacteria*. Napakahalaga na kumpletuhin ang paggamot, at sundin ang tagubilin ng doktor. Kung hindi, maaaring ang mga *bacteria* na buhay pa ay magiging mahirap nang puksain sa pamamagitan ng gamot, at maaaring maging *drug-resistant TB/DR-TB*.

Ano ang ginagawa ng Doctors Without Borders para tugunan ang tuberculosis?

Iba't ibang klaseng lugar ang binibigyan ng pangangalagang pang-*tuberculosis* ng *Doctors Without Borders*. Kasama rito ang mga lugar na may matagal nang hidwaan, kampo ng mga *refugees* at mga bilangguan. May mga proyekto na layunin ang pagsamahin ang serbisyo para sa HIV at TB, sa DR-TB, at iba pa.

Sa Papua New Guinea, ang TB ang pangalawang pinakamataas na sanhi ng pagkamatay; mula noong 2014, ang *Doctors Without Borders* ay nakapaggamot na ng higit sa 7,100 mga pasyente na may *drug-sensitive* TB at higit sa 200 na may *drug-resistant* TB. Sa Pilipinas, magsisimula ang *Doctors Without Borders* ng proyekto para sa edukasyon sa pasyente at pag-*screen* para sa TB, sa Tondo, Maynila.

Kritikal sa pangangalaga sa TB ay pag-*access* sa gamot. Noong unang pinayagang gamitin ang *bedaquiline* noong 2012, iyon ang unang gamot para sa DR-TB matapos ang higit sa 40 taon. Pero sa pagtatapos ng 2018, 28,700 na tao lang ang nakatanggap nito sa buong mundo.

Noong 2018, hinimok ng *Doctors Without Borders* ang *Johnson & Johnson* (J&J), ang korporasyong parmasyutiko na may hawak ng patente sa *bedaquiline*, upang matiyak ang abot-kayang pag-*access* sa gamot para sa lahat ng nangangailangan. Noong Hulyo 2020, inihayag ng J&J na kanilang binawasan ang presyo ng gamot at ito's US\$ 1.50 na lamang. Nananawagan pa rin ang *Doctors Without Borders* sa J&J na babaan pa ang presyo ng *bedaquiline* at ialok ito sa lahat ng bansang may maraming kaso ng DR-TB at nang sa gayon, mas maraming buhay ang maliligtas.

